4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 2

Aralin

4

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC Baitang 4**
**Kuwarter 2: Aralin 4 (Linggo 4)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. It aims to assist in delivering the curriculum content, standards, and lesson competencies. Any unauthorized reproduction, distribution, modification, or utilization of this material beyond the designated scope is strictly prohibited and may result in appropriate legal actions and disciplinary measures.

Borrowed content included in this material are owned by their respective copyright holders. Every effort has been made to locate and obtain permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and development team do not represent nor claim ownership over them.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Lily Fetalsana-Apura

**Tagasuri:** John Carlo Mari Ramos, Liza Bacierra, Voltaire Villaneuva

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Every care has been taken to ensure the accuracy of the information provided in this material. For inquiries or feedback, please write or call the Office of the Director of the Bureau of Learning Resources via telephone numbers (02) 8634-1072 and 8631-6922 or by email at blr.od@deped.gov.ph.

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Matututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbibigay-halaga sa pamilya bilang paglalapat ng mga aral ng pananampalataya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang iba't ibang paraan ng paglalapat ng mga aral ng pananampalataya sa mga sitwasyon sa pamilya bilang tanda ng pagiging masunurin. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Naipakikita ang pagiging masunurin sa pamamagitan ng mapagkalingang pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya<br><br>a. Nakapagpapahayag ng iba't ibang paraan ng paglalapat ng mga aral ng pananampalataya sa mga sitwasyon sa pamilya.<br>b. Nakapagsusuri na ang paglalapat ng mga aral ng pananampalataya bilang gabay sa mga sitwasyon sa pamilya ay tungo sa malugod na pamumuhay<br>c. Naisasakilos ang iba't ibang paraan ng paglalapat ng mga aral ng pananampalataya sa mga sitwasyon sa pamilya. |
| **D. Nilalaman** | Kahalagahan ng Pananampalataya sa Pamilyang Filipino<br>Mga Aral ng Pananampalataya sa Buhay Pamilya |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Masunurin (Obedience) |
| **F. Integrasyon** | Paggalang sa karapatang pantao – karapatan sa relihiyon at kalayaan sa paniniwala (Universal Declaration of Human Rights – Article18) |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
| --- |
| Arcdiocese of Saint Paul and Minneapolis, (n.d.) What is Faith? How Does It Tie in to What We Believe as Catholics? Retrieved from https://www.archspm.org/faith-and-discipleship/catholic-faith/what-is-faith-how-does-it-tie-in-to-what-we-believe-as-catholics/<br>Bobyreva, E.V. (n.d.) Place of Family and family values in world Basic religions. Retrieved Nov. 4, 2023 @ file:///C:/Users/superuser/Downloads/25902968.pdf<br>Roberto, J. ( Life Long Faith spring 2012). The Importance of Family Faith for Lifelong Faith Formation. Retrieved from https://www.lifelongfaith.com/uploads/5/1/6/4/5164069/family_faith_formation.pdf<br>(n.a.) (n.d.) Ang Konstitusyon ng Republica ng Pilipinas 1987. Reterieved Nov. 4, 2023 @ https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/<br>Simons, Helen (n.d.). What is Faith? Retrieved from https://activechristianity.org/what-is-faithTaylor, John Wesley, (n.d.). Instructional Strategies for the Integration of Faith and Learning. Retrieved from https://christintheclassroom.org/vol_27/27cc_409-425.htm |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
| --- | --- | --- |
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>***Ang Komunikasyon sa Pamilya***<br><br>Tingnan natin kung maaalala ninyo ang mahahalagang aral ukol sa pagpapanatili ng mabuting komunikasyon sa pamilya.<br><br>Panuto: Sabihin kung ano dapat ang sasabihin sa paglalapat ng mga aral para sa magandang komunikasyon sa pamilya:<br><br>Sitwasyon: Sabado noon at walang klase pero may importanteng ginawa ang nanay. Bago ito umalis mahigpit itong nagbilin na maglinis muna. Pagkatapos maglinis pwede nang maglaro buong araw. | Mga Sagot:<br><br>Para mapanatili ang mabuting komunikasyon sa pamilya dapat ang dalawang panig ay may: *1. pagkilala at pag-unawa sa salaysay ng pinakikinggan 2. may pagkilala ng damdamin at saloobin ng nagsalita, 3. may paghingi ng pagkilala, pasensya o paumanhin sa nagawa, na nagpapakita ng paggalang at 4. Nagpapahiwatig ng kagustohang* |

| | | |
|---|---|---|
| | Pagod ang nanay ng dumating ng gabing iyon. Sinabi niya, “Ako ay pagod na pagod. Masakit makita na binali wala ninyo ang aking bilin. Hindi man lang kayo naglinis! Pwede bang huinto na kayo sa paglalaro at magligpit ng mga nakakalat na gamit.”<br><br>Paano ninyo sasagutin ang inyong nanay na nagsasaalang-alang ang 1. kanyang salaysay 2. damdamin, 3. ang inyong kakulangan, at 4. kanyang paki-usap. Gumagamit ng angkop na mga salita, para mapanatili ang mabuting komunikasyon sa ganitong sitwasyon | *matugunan ang sinalaysay ng tagasalaysay.*<br><br>“1. Nanay, sinasabi po ninyo na pagod kayo at nasaktan sa aming ginawa. 2. nauunawaan po namin kung bakit kayo nasaktan at nagalit, 3. Ipagpaumanhin po ninyo ang aming pagpabaya. 4. Opo nanay magliligpit po kami. “ |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Ang bagong aralin para sa susunod na dalawang linggo ng pag-aaral ang kahalagahan ng mga aral ng pananampalataya at paglalapat nito sa ating buhay pamilya.<br><br>KNOCK KNOCK. Maglalaro ng “knock knock” upang makuha ang kanilang dating kaalaman tungkol sa kahulugan ng mga salitang may kaugnayan sa aralin.<br><br>Halimbawa:<br><br>*Knock, knock.*<br>*Who's there.*<br>Pananampalataya.<br>Pananampaltaya *who?*<br>Pananampalataya na ang Diyos ay may biyaya, para sa bata na sa kanya’y may tiwala. Aralin natin gawin ng tayo ay pagpalain…<br><br>Mga salitang maaaring gamitin sa gawain:<br>1. pananampalataya | Tono: “Ang Pasko ay Sumapit” sa parteng: Bagong taon ay magbagong buhay, ng lumigaya ang ating bayan…<br><br>**Layunin ng Aralin:**<br><br>Maunawaan, matukoy ang mga aral at bunga ng pagsasabuhay at mga aral ng pananampalataya |

2. Diyos
3. pamilya

Tanong at Sagot: Hihikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang mga sagot.

1. Ano ang kaugnayan ng mga salitang ginamit sa inyong mga *knock knock?*
2. Ano-ang mga gawa ang nagpapakita ng pananampalataya?
3. Ano ano ang mga kilos na maaari mong gawin upang maipakita ang pagpapahalaga sa Diyos, pamilya at pananampalataya?

**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**Ang Pamilya.** Bibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataon na magbahagi ng kadalasang ginagawa magkakasama ng kanilang pamilya.

Pagsusuri

1. Paano mo ilalarawan ang iyong pamilya?
2. Ano ano ang kadalasang ginagawa ng iyong pamilya ng sama sama?
3. May mga ginagawa din ba ang inyong pamilya na mga gawaing kaugnay ng pananampalataya? Ibahagi ang mga ito.

**Ano ang Pananampalataya?**

Ang pananampalataya ay kaugnayan natin sa Diyos. Nakikita ang pagmamahal ng Diyos sa atin, sa mga nilikha Niya para sa atin. Minarapat ng Diyos na tayo ay lumaki sa isang pamilya na mag-aaruga at magmamahal sa atin. Nararamdaman natin ang pagkalinga ng Diyos sa pamamagitan ng ating mga magulang at kapatid. Ang masasarap at masustansyang pagkain ay galing sa likha ng Diyos. Gayundin ang iba ibang tunog na ating naririnig. Nakikita din kagandahang loob ng Diyos para sa atin sa magagandang tanawin. Kung ating pagtutuunan ng pansin, ang kanyang mga gawa, makikilala natin na ang Diyos ay mabuti, mapagmahal, mapagbigay, at mapagpatawad.

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay sa Paksa 1: Kahalagahan ng Pananampalataya sa Pamilya**<br><br>**Pananampalataya at Gawa sa Pamilya**<br><br>**Pagrerepaso at pagsusuri:**<br><br>Sa simula pag-aaral sa paksang kasalukuyan, nagpagtuunan natin ng pansin ang ating pamilya. Ang pamilya ang itinakdang paraan para mapanganak, at lumaki ang isang bata. Ang pamilya ang nag-aaruga, nagmamahal, at gumagabay sa paglaki ng isang bata. Ating tatalakayin ngayon ang epekto at aral ng pananampalataya sa buhay pamilya.<br><br>1. May nakikita ba kayong mabuting epekto ng pananampalataya sa inyong pamilya? Ano ano ang mga ito?<br>2. May mga aral ba ang pananampalataya na itinuro o pinapayo sa inyo ng inyong mga magulang o loo at lola? O di kaya ay mga pinagbbabawal na gawin sa inyong pamilya dahil sa aral ng pananampalataya?<br><br>**Gawang Aralin 1. Mga Mabubuting Bunga ng Pananampalataya**<br><br>Panuto: Humanap ng kapareha mo sa paggawa nito. Maaring ang iyong katabi.<br><br>Piliin at lagyan ng **Tsek (/)** ang mabubuting bunga ng pananampalataya sa buhay ng isang tao at sa pamilya at **Ekisan (X)** ang hindi mabubuting bunga nito.<br><br>1.___ Nagiging mapagmalaki tayo dahil sa alam na ang tama.<br>2.___ Nagiging mapagpakumbaba dahil nalalaman ang mga kahinaan.<br>3.___ Nagkakaroon ng pag-asa dahil sa katiyakang may sumusubaybay at nagmamahal.<br>4.___ Mas natutuhan na maging magpatawad | .<br><br>*Halimbawa:*<br><br>*Kinaugalian na namin na kumain ng sabay-sabay tuwing hapunan.*<br><br>*Nagsisimba kami tuwing linggo ng sama-sama at pagkatapos ay kakain sa labas.*<br><br>*Mga sagot:*<br><br>*1, 6, 7, (X)*<br><br>*2, 3, ,4 ,5, 8, 9, 10 ( /)* |

| | | |
|---|---|---|
| | 5.___ May lakas ng loob dahil may nasasandigan at mahihingian ng tulong.<br>6.___ Walang mapanindigan at mapagbatayan sa pagdedesisyon kung ano ang tama.<br>7.___ Malaya gumawa sa gusto dahil walang pumipigil kahit ano ang gawin<br>8.___ Nahihikayat na magmuni-muni sa sariling gawa.<br>9.___ May nagpapaalala ng mabubuting aral na dapat gawin.<br>10___ Nagsusumikap na mahalin ang kapuwa kagaya ng pagmamahal sa sarili.<br><br>Pagtatalakay<br><br>Marahil hindi nakikita ng karamihan ang mga magagandang at mabubuting bunga at epekto ng pananampalataya. Karamihan sa mga mabubuting bunga nito ay hindi nakikita ngunit napakahalaga. Halimbawa matutuwa tayo kapag binigyan tao ng regalong damit. Pero mas mahalaga ang pagkakaroon ng paninindigan o dunong sa pagpapasiya kaysa sa mga bagay bagay lang. Ang mga sumusunod ay ang mabubuting epekto o bunga ng pananampalataya sa indibidwal o pamilya.<br><br>1. **Ang pananampalataya ay gumagabay sa atin na bigyan ng pagpapapahalaga ang tunay na mahalaga.** Napakahalaga ayon sa pananampalataya na tao ay *mapagmahal, mabuti, magpagbigay, mapagpakumbaba, mapasalamatin, maunawain*. Dahil minarapat ng Diyos na lumaki tayo sa pagmamahal at pag-aaruga ng ating mga magulang, kalooban niya na pahalagahan natin ang ating pamilya. Mahalin at igalang natin ang ating mga magulang at kapatid. Bawat isa ay mahalaga.<br><br>2**. Ang pananampalataya ay nagpapabuti sa ating kalooban.** Wari bang nagiging buhay sa atin ang kabutihan ng Manlilikha kung tayo ay nakikipag-ugnay sa Kanya. Ang Kanyang *kabutihan, pagmamahal* ay pumupuno sa ating mga puso. Wala ng galit, inggit, pagmamataas, gahaman sa salapi. Inaalis niya ang hindi maganda sa kalooban natin kagaya ng galit o pagka inggit. Binibigyan niya tayo ng kakayahan maging *mabait, mabuti at mapagmahal* sa mga kasakasama natin araw araw—ang ating pamilya. | *10/10: alam na alam ang magandang bunga ng pananampalataya ukol sa kapuwa.*<br><br>*7-9: marami ang alam sa magagandang bunga ng pananampalataya ukol sa kapuwa.*<br><br>*4-6: may alam sa magagandang bunga ng pananampalataya ukol sa kapuwa.*<br><br>*1-3: konti lang ang sa magagandang bunga ng pananampalataya ukol sa kapuwa.* |


**3. Ang pananampalataya ay nagbibigay ng katuturan sa buhay**. Ito ang sumasagot katanungan mula pa sa ating pagkabata. Saan nanggagaling ang buhay? Bakit may nilikha? Sino ang tao? Bakit tayo nandito? Saan patutungo namatay? Ano ang mabuting gawin sa buhay? Sabi ng isang sikat na pilosopo 'kung may katuturan ang ating buhay, *matibay ang ating loob* at kaya nating harapin ang kahit anong pagsubok o hirap. Kaya puno tayo ng pag-asa at may sigla. May lakas tayo sa pagharap ng pagsubok.

4. **Ang pananampalataya ay nagbubuklod sa pamilya**. Ang sama-samang pagsimba at pagdasal ay nagiging pakakataon na magkaroon ng masasayang oras at pag-uusap ang pamilya. Nagpapalago ito ng relasyon ng pamilya. Nagbubunga ito *pagkakaisa, pagtutulungan, at malasakit* sa isat't isa.

5. **Ang pananampalataya ang nagbibigay kahulugan** sa pang araw-araw nating ginagawa. Ang pananampalataya din dahilan at kahulugan sa ng mga espesyal na okasyon. Halimbawa ang pagdiwang ng katapusan ng Ramadan ay nagpapayaman sa kahulugan ng buhay ng mga pamilyang Muslim. Ang pananampalataya din ang nagbibigay inspirasyon sa pang-araw araw na ginagawa natin. Paano kung walang pananampalataya? Walang kahulugan ang Pasko kung walang tagapagligtas na isinilang. Nagiging *mapasalamatin tayo at mapagbigay*. Bukas tayo sa mga nangangailangan.

Subalit dapat din nating isaisip na ang pananampalataya ay personal sa isang tao. Ang ating Saligang Batas ay nagpapatibay na malaya ang bawat Pilipino na magpasya kung anong paniniwala o relihiyon ang kanyang paniniwalaan. Dapat nating kilalanin at igalang ang karapatang ito ng ating kapamilya o kapwa bata.

**Gawang aralin 2. Basket ng mga Bunga ng Pananampalatayang Kailangan Natin**

| | | |
|---|---|---|
| | Itala ang mga mabubuting bunga ng pananampalataya na natukoy sa ating talakayan. Piliin dito ang mga katangiang sa palagay mo ay kailangan talaga natin. **Gumuhit ng basket o *tray* na may mga prutas at pangalanan ang mga bunga ng mga bunga ng pananampalataya** na kailangan natin sa buhay.<br><br><br><br>Ang Basket ng Mga Bunga ng Pananampalataya sa Kailangan Natin<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay sa Paksa 2. Mga Aral ng Pananampalataya sa Buhay Pamilya**<br><br>Mahalaga ang pag-unawa sa mga aral ng pananampalataya sa ating buhay. Ang pananampalataya ay hindi lamang simpleng paniniwala sa Diyos, kundi ito rin ay naglalaman ng mga tuntunin at gabay sa ating pamumuhay. Kasalsana ang ating naiisip ay ang mga bagay na nakikita lamang natin o nararanasan. Hindi natin naiisip ang pangkalahatan. Kaya kailangan natin ang aral ng pananampalataya dahil ito ay nagsasaalang-alang ng pamanayan at mga nakararami.  Ilan sa mga mahahalagang aral ng pananampalataya para sa pamilya ay ang mga sumusunod:<br><br>1.**Pagmamamahal sa Diyos at sa kapuwa.** Iba-iba ang tawag ng iba-ibang relighiyon at kultura sa Diyos. Sa mga Muslim siya si Allah. Pero kahit ano ang | Inaasahang sagot:<br><br>Mga tala ng mabubuting bunga ng pananampalataya:<br><br>Mabuti ang loob, mabait, mapag mahal, mapagpakumbaba, matulunging, nakikiisa,<br><br>*Gabay sa pagmarka:*<br><br>*5/5: Nakapagtala ang mag-aaral ng walo o mahigit pang mabubuting katangian o asal na bunga ng pananampalataya.*<br><br>*3-4/5: apat hangang pito ang naitalang mabubuting kataangian o asal bunga ng pananampalatya.*<br><br>*1-2/5: isa hangang tatlo lang ang naitalang mabubuting* |

| | | |
|---|---|---|
| | paniniwala napakahalagang aral ang pagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa kapuwa. Kung tayo ay nagmamahal sa Diyos, ang ating buong pagkatao: puso, isipan, kaluluwa at lakas ay nakatuon sa nakakataas sa atin, hindi sa pansariling kapakanan kundi sa kapakanan ng pangkalahatan. Ang pagmamahal sa diyos at kapuwa ay nagtataguyod ng pagpapasakop na pangmalawakang kabutihan. Ang pagkamadasalin at pagsamba ay pagpapahiwatig ng ating pagmamahal sa Diyos. Ang paggawa ng mabuti sa kapuwa ay pagpapakita ng ating pagmamahal.<br><br>2. **Pagpapahalaga sa Pamilya.** Ang pamilya ang pinaka pundasyon ng pamayanan at lipunan. Sa pamilya nahuhubog ang ating pagkatao at karakter. Dito tayo nasasanay kung paano makihalobilo sa pamayanan. Sa pagmamahal at katapatan sa mahal natin sa buhay naksalalay ang katatagan at katiwasayan ng pamayanan. Mapipapakita natin ito sa isa't-isa sa pagiging maalalahanin.<br><br>3. **Pagmamahal at paggalang sa magulang.** Ang ating mga magulang ang gumaganap ng malaking responsibiladad sa pagpapalaki at pag-aaruga sa nakababatang generasyon. Ang pagmamahal at pagalang ay nagpapakita ng pagkilala sa katungkulang ito. Napakahalaga itong aral ng pananampalataya sa Judaismo, Kristiano, Hindu, Islam at sa kultura ng Asya.<br><br>4. **Pagmamahal at pagpapahalaga sa isa't isa at sa sarili natin.** Nilikha at mahal tayo ng panginoon. Mahalaga tayo sa kanya. Mahalaga rin tayo sa ating pamilya. Dapat nating mahalin ang ating sarili. Dapat tayong kumain ng masustansya, mag-ehersisyo, at magkaroon ng tamang pahinga.<br><br>5. **Pagpapatawad sa isat-isa.** Lahat ay nagkakamali. Dahil kasakasama natin ang mga kapamilya, kadalasan sila ang nagpagbabalingan natin kung tayo ay pagod o galit. Kaya dapat lamang na matuto tayong humingi ng tawad at magpatawad.<br><br>6. **Maging mabuti at matulungin.** Magiging maganda ang relasyon natin sa kasapi ng ating pamilya kung tatandaan natin ang aral na ito. Dapat tayong maging matulungin at maalalahanin sa mahal natin sa buhay. | *kataangian o asal bunga ng pananampalatya.* |

7. **Pagiging Mapasalamatin.** Ang aral na ito ay ating pagkilala sa biyaya ng buhay. Galing ito sa puso na naguumapaw sa pagpapasalamat sa biyaya, pag-aaruga, at pagmamahal na ating nararanasan sa araw araw. Ang pakilala sa mga biyaya ay nagdadala rin ng ligaya sa ating buhay.

Ang pagsunood sa mga aral pananampalataya ukol sa pamilya ang magpapatibay ng pagmamahalan at magpapatatag ng pagkakabuklod ng atingpamilya. Kung atin itong pakatatandaan at isabuhay, magiging maligaya, at matiwasay ang ating buhay pamilya.

**Gawang Aralin 3. Ang Aral ng Pananampalataya Ni _(Lolo Jose)**

Panuto: Gagawin itong gawain ng dalawahan. Sagutin ang unang tanong at isaad ang aral na naaalala ukol sa pananampalataya.

1. Alin sa pitong aral ng pananampalataya ang hindi ninyo naririnig o napangaral sa inyo? O di kaya ay hindi nabanggit sa inyong pamilya?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Alalahanin ang aral ng pananampalataya/o ukol sa pananampalataya na madalas ipaalala sa inyong pamilya. Isulat bilang payo, slogan o kasabihan at kung sino ang nagpangaral nito.

*Ang aral ng pananampalataya/o ukol sa pananampalataya na madalas ipaalala sa inyong pamilya*

| | | |
|---|---|---|
| | **Paglalapat**<br><br>**Maganda Ba? O Pangit?**<br><br>Panuto: Sa gawaing aral na ito, susuriin mo kung maganda o pangit ang impluwensya ng paniniwala mo sa iyong pakikitungo sa iba, lalo sa sa naiiba ang paniniwala sa yo. Magada (**M**) o Di Maganda (**DM** ) ang pangungusap para sa iyo.<br>______1. Ang pagpapakumbaba ay mahalagang aral sa aking pananampalataya.<br>______2. Ang aking paniniwala ang nagtutulak sa akin na gumawa ng mabuti.<br>______3. Ang pgmamahal ay para lamang sa kasama mo sa pananampalataya.<br>______4. Ako dapat ang nasusunod at parating nagsasalita.<br>______5. Ang kanyang paniniwala ang nagbigay daan upang makita niya ang kanyang pagkakamali.<br>______6. Ang pagpapatawad ay aral sa aking pananampalataya<br>______7. Tagasunod lang kami kaya pananampalatya kaya bawal sa amin magtanong.<br>______8. Hindi ako dapat makinig sa hindi namin kasama sa kapanalig.<br>______9. Wala kahit anumang pagkakamali ang aming pag-una sa sa pananampalataya.<br>______10. Dapat igalang at mahalin kahit hindi kasama sa panamapalataya. | *Mga sagot:*<br><br>*Maganda: 1, 2, 5, 6, 10*<br><br>*Di Maganda: 3, 4, 7, 8, 9.*<br><br>*Ang ibig sabihin ng puntos:*<br><br>***10/10:*** *napakaganda at napakabuti ang turo ng iyong paniniwala ukol sa pakikiitungo sa kapwa na may ibang paniniwala.*<br><br>***8-9:*** *maganda at mabuti ang turo ng iyong paniniwala ukol sa pakikiitungo sa kapwa na may ibang paniniwala*<br><br>***5-7:*** *Meron pa ring maganda at mabuting turo ang iyong paniniwala ukol sa pakikiitungo sa kapuwa.*<br><br>***1-4:*** *Parang hindi maganda at mabuti ang turo ang iyong paniniwala ukol sa pakikitungo sa kapuwa.* |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**Ang Pangaral ng Pananampalataya Para sa Pamilya Ko** | Gabay sa pagmarka: |

| | | |
|---|---|---|
| | **Panuto:** Gusto mong sabihin sa iyong pamilya ng natutuhan mo sa ating aralin. Ano ang ipapaalala at sasabihin mo sa iyong pamilya. Magbangit ng dalawang o mahigit pang pangaral ng pananampalataya na angkop sa pamilya mo.<br><br>Isulat sa ibaba ang isaktong sasabihin mo na may pagmamahal at respeto sa pamilya mo. Halimbawa: “*Nanay, Tatay, kailang po yata nating magsimba ng samsama para makapagmuni at mapalalahanan na magmahalan. ….*”<br><br>__________________________________________<br>__________________________________________<br>__________________________________________<br>__________________________________________<br>__________________________________________<br>__________________________________________<br>__________________________________________<br>__________________________________________<br><br>2. Magtala ng tatlong Bunga ng Pananampalataya na gustong mong makita sa sarili mo at isalaysay kung paano mo ito palalagoin. Halimbawa: Mapagmahal- araw-araw gagawa ako ng ikakatuwa ng mga kasapi ko sa pamilya.<br><br>**1.** _______________ - ______________________________________<br>**2.** _______________ - ______________________________________<br>**3.** _______________ - ______________________________________ | 5/5: Angkop, tama at malinaw ang aral na gawa at mga sagot sa kasalukuyang aralin<br><br>4/5: Angkop at tama ang aral na gawa at mga sagot sa kasalukuyang aralin<br><br>3/5: Angkop ang aral na gawa at mga sagot sa kasalukuyang aralin<br><br>2/5: Hindi angkop, tama at malinaw ang aral na gawa at mga sagot sa kasalukuyang aralin<br><br>1/5: Walang angkop, tama at malinaw ang aral na gawa at mga sagot sa kasalukuyang aralin |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA sa GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>**Kabilin-bilinan ni Ma'am**<br><br>Mga isang linggo o isang buwan mula ngayon, baka makalimutan mo na ang natutunan mo sa dalawang linggong nakalipas. Kaya isunulat na ang mga tagubilin para sa araling ito. Punan ang mga puwang sa sulat sa ibaba ayon sa ating natutunan sa natapos nakalipas na dalawang linggo.<br><br>Nobyembre 1, 2023<br><br>Mahal kong mag-aaral,<br><br>Napag-aralan natin na nagbubunga ng magagandang katangian at aral ng pananampalataya. Huwag mo itong kakalimutan. Alalahanin ito sa pagtukoy ng magaganda at mabubuting bunga ng panamapaltaya na inilalarawan sa ibaba sa pamamagitan ng pagpuno sa mga kulang na letra:<br><br>1. **M__ P__ G __ __ H __ __**- ang katangiang ito ay makikita sa pagyakap, paghalik at pagtulong sa kasapi sa pamilya.<br>2. __ **A** __ __ __ **T** – makikita ito sa magagandang salita at kilos. Ito ay dadamin na nagtutulak sa paggawa ng mabuti sa kapuwa.<br>3. __ **A T** __ **B** __ **Y ang** __ **O** __ **B** – makikita ang katangiang ito sa panahon ng pagsubok hindi madaling manghina, bagkus may lakas pagharap ng problema sa buhay.<br>4. **P** __ __ **T** __ __ **U** __ __ **N G** __ **N-** hindi mahirap ang mga gawain sa kung ang ang mga kasapi ay may ganitong katangian.<br>5. **M** __ **P** __ __ __ __ **K U** __ __ __ **A**- Madaling maayos ang di-pagkakaunawaan kung ang katangian ito ay nasa atin.<br><br>Mapapasaiyo ang mga katangiang ito kung susundin mo ang ilang napakahalagang aral ng pananampalataya. Isa dito ay ang tagubilin na dapat nating (6) M__________________ ang Diyos at ang ating (7) K__________. Aral din ng ating pananampalataya ang (8) P____________ sa magulang. Ang pagmamahal sa ating (9)P______________ ay aral na hindi natin dapat kalimutan dahil sila ang kasakasama natin araw-araw. At dahil tinatamo natin ang pagpapala ng Diyos at | Maaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral. Ang importante ay tugma ito sa pangngusap at ugnay ito sa bunga at aral ng pananampalataya.<br><br>Mga sagot:<br><br>1. Mapagmahal 2. Mabait<br><br>3. Matibay ang Loob<br>4.Pagtutulungan<br><br>5. Mapagpakumbaba<br><br>6. Mahalin 7. Kapuwa<br><br>8. Paggalang 9. Pamilya<br><br>10. Mapagpasalamat<br><br>**Interpretasyon ng Puntos**<br><br>10/10: Napakagaling napakataas ang pagkaunawa at pagkaalala ang aralin.<br><br>8-9/10: Magaling mataas ang antas ng pagkakaunawa at paka-alala ng aralin. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">tulong ng kapuwa natin sa araw araw, nararapat lamang na tayo ay maging (10) M________________. Ibig sabihin nararamdaman at kinikilala natin ang biyayang natatanggap natin galing man sa Manlilikha o sa kapuwa natin.<br><br>Kapag isabuhay natin ang aral ng pananampalataya bubunga ito ng pagpapala para sa iba at para sarili.<br><br>Mahal kita! Patuloy kang pagpapalain ng Diyos sa pagsunod mo sa Kaniyang mga aral.<br><br>Ang iyong guro,<br><br>Gawang Aralin:<br><br>Gumawa ng isang bagay na nagpapakita ng pagmamahal sa iyong mga magulang Maghanda  sa paghagi ang gawang ito sa klase at kung ano sa reaksyon ng iyong mga magulang sa iyong ginawa</td>
<td>5-7/10: Tama lang ang antas ng pagkakaunawa at paka-alala ng aralin.<br><br>1-4/10: Mababa ang antas ng pagkakaunawa at paka-alala ng aralin.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="2">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="2">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring</td>
</tr>
<tr>
<td>EstratehiyaMasasabi mo abng epektibo ang estratiya sa pagturo ng konseptong aralin? Naunawaan bai to ng mga mag-aaral?</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td rowspan="3"></td><td>KagamitanMadali lang bang makuha ang mga kailangan sa pagturo nitong aralin?</td><td></td><td></td><td rowspan="3">tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaralNakilahok ba ang buong klase? Masigla ba ang kanilang pakikilahok?</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td></tr>
</table>